

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# Isugo ang mga Elder – Isang Kautusan sa Inyo

Noong 1831 itinanong ni Propetang Joseph Smith sa Panginoon kung paano dadalhin ang ebanghelyo sa mga naninirahan sa mundo. Bilang sagot natanggap niya ang Bahagi 133 ng Doktrina at mga Tipan. Ang sagot ng Panginoon sa tanong ni Joseph ay malinaw at tuwiran, na mababasa natin sa talata walo: "Isugo ang mga elder ng aking simbahan sa mga bansa na malalayo; sa mga pulo sa dagat; isugo sa mga banyagang lupain; manawagan sa lahat ng bansa."

Sa unang tingin ay maaaring maisip ninyo na ito ay kautusan sa mga kabataang lalaki na magmisyon. Medyo tama kayo. Kung susuriin pa ninyong mabuti malalaman ninyo na ang Panginoon ay nangungusap sa lahat ng miyembro ng Simbahan. Nakatutuwa na nilinaw sa unang talata na ang paghahayag na ito ay para sa bawat isa sa atin. Lahat tayo ay may responsibilidad na isugo ang mga elder. Ang paghahayag ay nagsisimula sa mga salitang ito, "Makinig, O kayong mga tao ng aking simbahan, wika ng Panginoon ninyong Diyos, at pakinggan ang salita ng Panginoon hinggil sa inyo." Ang utos na isugo ang mga elder ay para sa inyo. Umaasa ang Panginoon na gagawin ninyo ang inyong mahalagang responsibilidad sa pagtutulungan nating maisugo ang mga elder.



Sa pagdalaw ni Elder Russell M. Nelson kamakailan sa Pilipinas, sinabi niya na, "Ang pinakamainam na mga misyonero para sa Pilipinas ay mga Pilipino." Sa kasalukuyan, mga 70 porsiyento lamang ng mga misyonero na kailangang maglingkod sa Pilipinas ang naipadadala natin. Umaasa tayo sa ibang mga bansa para maragdagan ang bilang ng mga misyonero natin dito. Nais namin bilang Area Presidency na matugunan natin mismo ang sarili nating mga pangangailangan dito sa Pilipinas at gaya ng iniutos sa Doktrina at Tipan 133, "Isugo ang mga elder sa mga bansa na malalayo." Nakikinita namin ang panahon na magpupunta ang ating mga Pilipinong misyonero sa mga bansa sa Southeast Asia.

Dahil dito kailangan nating maunawaan na hanggang ngayon ay iniuutos pa rin ng Panginoon na isugo ang mga elder. Dapat tayong magsugo ng mga elder dito sa Pilipinas upang ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng bansa. Muling nanawagan si Pangulong Thomas S. Monson sa "lahat ng karapat-dapat, may kakayahang



**Elder Brent H. Nielson**
Philippines Area Presidency

*Nais namin bilang Area Presidency na matugunan natin mismo ang sarili nating mga pangangailangan dito sa Pilipinas at gaya ng iniutos sa Doktrina at Tipan 133, "Isugo ang mga Elder sa mga bansa na malalayo." Nakikinita namin ang panahon na magpupunta ang ating mga Pilipinong misyonero sa mga bansa sa Southeast Asia.*



*Alalahanin na ang utos na isugo ang mga elder ay para sa ating lahat. Kailangang tulungan nating lahat ang mga kabataang lalaki na maghanda at makapagmisyon.*

maglingkod na mga kabataan na maghanda sa pagmimisyon at gawin ito nang marangal. (tignan "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona*, Nob. 2010, 5-6).

Malinaw ang paghahayag. Nanawagan na ang Propeta. Paano tayo tutugon bilang mga miyembro? Isa sa mga mithiin ng Area sa Pilipinas ay iligtas ang bagong henerasyon sa pamamagitan ng pagpapataas sa bilang ng mga young men na nagmimisyon. Upang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon; upang makatugon sa panawagan ni Pangulong Monson; upang makamit ang mithiin ng ating Area, kailangan natin ang tulong ng bawat isa. Paano kayo makatutulong para makapagmisyon ang mga elder?

Kung ikaw ay isang ama o isang ina masisimulan mo na ngayon na maihanda ang iyong mga anak sa pagmimisyon. Kailangan ninyong ituro sa kanila ang ebanghelyo. Kailangan nilang dumalo sa mga sacrament at priesthood meeting na kasama kayo. Kailangan ninyo silang tulungan na makaipon sila ng pera. Ang tungkuling ito ng mga magulang ay nagsisimula habang napakabata pa ng anak. Simulan ang pagtuturo sa inyong mga anak habang bata pa sila at tulungan silang malaman na tinawag sila ng Panginoon na maghandang magmisyon kapag tumuntong na sila sa edad na 19.

Kung ikaw ay lider sa Simbahan, kailangan namin ang lahat ng magagawa mo para tulungan ang mga binatilyong ito na maging mga misyonero. Hindi nila ito magagawa nang mag-isa. Kailangang turuan ninyo sila habang bata pa at sanayin sila at tulungan silang maghanda na maging mga misyonero. Higit sa lahat, kailangan ninyo silang gabayan at tulungan habang nag-aaplay sila sa misyon. Anyayahan ang bawat kabataang lalaki, pati na ang mga hindi gaanong aktibo, na magmisyon. Kausapin siya sa inyong opisina sa isang personal na interbyu at repasuhin sa kanya ang mga kailangan para makapagmisyon. Tulungan siyang punan ang kanyang application form. Gabayan siya at tulungan hanggang sa maisaayos na niya ang lahat para maisumite na ang kanyang mga papeles. Patuloy siyang tulungan hanggang sa makapasok siya sa Missionary Training Center. Ang utos na isugo ang mga elder ay para sa inyo bilang mga lider ng Simbahan.

Kung ikaw ay isang miyembro na hindi magulang at hindi lider sa simbahan, ano ang magagawa mo? Maaari mong hikayatin ang mga kabataang lalaki ng Simbahan na magmisyon. Suportahan mo sila. Ipaalala sa kanila ang kanilang tungkulin. Mag-ambag kada buwan sa ward o branch missionary fund, kahit maliit na halaga lamang ito, nang sa gayon magamit ito ng mga kabataang lalaki na walang sapat na pera para makapagmisyon. Ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo ay nag-aambag bawat buwan sa missionary fund ng Simbahan. Kapag nagsugo tayo ng mga elder, hinihiling naming samahan ninyo sila. Ang mga donasyong iyon ay nagtulot sa mga misyonero sa Pilipinas na makapagmisyon ngayon. Alalahanin na ang utos na isugo ang mga elder ay para sa ating lahat. Kailangang tulungan nating lahat ang mga kabataang lalaki na maghanda at makapagmisyon.

Kung ikaw ay isang binatilyo, dapat mong markahan ang petsa ng iyong ikalabingsiyam na kaarawan bilang araw ng pagsisimula ng iyong pagmimisyon. Iyon ang araw na ilalaan mo ang iyong sarili upang paglingkuran ang Panginoon. Iyon ang araw na sisimulan mong lubos na ibahagi ang ebanghelyo at dalhin ang kagalakang dulot ng Ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa mga tao sa iba't ibang panig ng mundo. Ito ay isang marangal at banal na tungkulin. Ito ay espirituwal na gawain. Kailangan dito ang kahusayan mo. Ang gawaing misyonero ay hindi madali, ngunit ito ang magiging pinakamasayang karanasan sa iyong buhay. Wala nang mas dakilang tungkulin; wala nang mas mahalagang gawain kaysa sundin ang utos ng Tagapagligtas na "[Turuan] ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo." (Mateo 28:19) Magdesisyon ngayon na maglingkod. Babaguhin nito ang inyong buhay. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan, dumalo sa inyong mga miting sa Simbahan, gampanang mabuti ang inyong mga gawain sa Aaronic Priesthood at mag-ipon.

Kung ikaw ay isang dalagita, inaanyayahan ka rin ni Pangulong Monson na magmisyon. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Monson na ang gawaing misyonero ay tungkulin ng priesthood, ngunit mahalaga rin ang nagagawa ng mga sister missionary at malugod na tinatanggap ang kanilang paglilingkod. Maaari ding mahikayat ng mga kabataang babae ang mga kabataang lalaki na magmisyon at linawin sa kanila na balak ninyong magpakasal sa isang returned missionary.

Nawa'y maunawaan ng bawat isa na sagradong tungkulin natin, bilang mga miyembro ng Simbahan sa Pilipinas, na isugo ang mga elder. ■

# Binisita ni Elder Nelson ang Pilipinas

Binisita ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Pilipinas noong Mayo 17-27, 2012. Inilaan ni Elder Nelson ang bagong Missionary Training Center (MTC) sa Manila at pinamunuan ang Mission Presidents' Seminar. Binisita niya ang iba't ibang dako ng Pilipinas upang magdaos ng mga debosyonal at espesyal na pulong sa mga misyonero. Nagkaroon din siya ng pagkakataong makausap ang Bise Presidente ng Pilipinas na si Jejomar Binay.



*Si Elder Nelson habang binabati ng mga lokal na miyembro sa Manila Philippines Temple.*

## INILAAN ANG BAGONG MISSIONARY TRAINING CENTER SA MANILA

Nagtipon ang mga miyembro sa Joseph Smith Hall ng bagong Missionary Training Center noong Mayo 20, 2012, upang saksihan ang paglalaan ng bagong pasilidad ng MTC. Si Elder Nelson ang nag-alay ng panalangin ng paglalaan.

Dumalo rin ang mga miyembro ng Area Presidency na sina Elder Michael John U. Teh, Area President; Elder Brent H. Nielson, First Counselor; at Elder Ian S. Ardern, Second Counselor, na nangagbigay ng maiikling mensahe bago ang panalangin ng paglalaan. Naroon din sina President George Terry Taylor, MTC President, at ang kanyang asawang si Sister Taylor, at ang lahat ng mission president sa Pilipinas at mga lokal na Area Seventy.

Sa kanyang mensahe, ibinahagi ni President Taylor ang espesyal na karanasan nila sa bagong MTC noong nakaraang Abril 30 nang itaas ang mga watawat ng iba't ibang bansa na kumakatawan sa mga misyonero na nasa MTC at nang patugtugin ang pambansang awit ng bawat bansa. Iyon ay akmang simbolo ng mga misyonero na nagsisilbing sagisag sa lahat ng bansa. (2 Nephi 15:26) Ihahanda ng bagong MTC ang mga misyonerong ito upang anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo at tanggapin ang ebanghelyo.

Bago ang kanyang panalangin ng paglalaan, ipinahayag ni Elder Nelson ang kanyang paghanga sa disenyo ng bagong gusali. Sinabi niya na ang pinakamahusay na paraan para maunawaan ang ebanghelyo ay sa "pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu."

Sa simula ng panalangin ng paglalaan nagpasalamat siya sa pagbabayad-sala ni Jesucristo, at sa matatapat na misyonero at mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo na nagmamahal at naglilingkod sa Panginoon.

Binasbasan niya ang Republika ng Pilipinas na "manatiling bukas sa pagtanggap" sa lahat ng mga tagapaglingkod ng Panginoon, na ang mga mamamayan ng bansang ito ay biyayaan ng "kalayaan at pananagutan upang umunlad sa kabutihan kapwa sa temporal at espirituwal."

Ang bagong Missionary Training Center ay may kapasidad na 144 na misyonero mula sa iba't ibang panig ng Asia. (Pilipinas, Cambodia, Hong Kong,



*Bago ang kanyang panalangin ng paglalaan, ipinahayag ni Elder Russell M. Nelson ang kanyang paghanga sa disenyo ng bagong gusali. Sinabi niya na ang pinakamahusay na paraan para maunawaan ang ebanghelyo ay sa "pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu."*



The new Missionary Training Center

India, Indonesia, Mongolia, Pakistan, Sri Lanka, Taiwan, at Thailand). Bibigyan ng training ang bawat misyonero sa kanyang sariling wika sa tulong ng mga translator o tagapagsalin.

Ang bagong MTC ay binubuo ng tatlong gusali. Makikita sa unang gusali ang makabagong mga pasilidad sa pagsasanay tulad ng Joseph Smith Hall, mga silid para sa pagsasanay sa pagtuturo na mayroong mga built-in camera, mga translation booth, isang computer lab, laundry area na may matitibay na mga washing machine, at mga silid-tulugan para sa mga misyonero. Sa tapat nito ay ang administrative building na kinaroroonan ng mga opisina ng MTC Presidency, ng Director ng MTC, at karagdagang mga silid para sa pagsasanay sa pagtuturo. Ang ikatlong gusali ay isang recreation facility para sa pag-ehersisyo ng mga misyonero.

Ang unang klase sa bagong MTC ay nagsimula noong Disyembre 27, 2011.

**METRO MANILA**

Araw ng Martes nang makipagpulong si Elder Nelson sa mga full-time missionary at mga young single adult sa Makati Stake Center sa Buendia, Makati.

Ang kanyang mensahe sa dalawang grupo ng mga kabataan ay ang pag-ibig ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at ang mga pagpapalang makakamtan sa pagsunod at pagiging tapat.

Sa hangaring pasayahin ang mga naroon sa pagsisimula ng kanyang mensahe sa debosyonal ng mga young single adult (YSA), sinabi ni Elder Nelson: "Bakit kayo narito para pakinggan ang mga nakatatanda na magsasalita sa inyo? Sa palagay ko nagpunta kayo dito dahil baka may sasabihin kaming makatutulong sa inyo."

Binanggit niya ang tungkol sa 10 bagay na nais niyang malaman ng YSA: 1. Ang Diyos ay buhay; 2. Si Jesucristo ang



ating Tagapagligtas at dahil sa kanyang pagbabayad-sala magiging imortal ang lahat ng tao; 3. Ang Diyos Ama at si Jesucristo ay nagpakita kay propetang Joseph Smith; 4. Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon; 5. Ang kapangyarihan ng Priesthood ay naipanumbalik sa mundo; 6. Ang mga propeta ay tumatanggap ng paghahayag; 7. Hinahayaang kumilos si Satanas dahil iginagalang ng Diyos ang kalayaan sa pagpili; 8. Ang kabataan ng Sion ang pag-asa ng Israel; 9. Dumarating ang kagalakan sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos; at 10. Tayo mismo ang pipili ng buhay na walang-hanggan o kapahamakan.

Sa pagsasalita tungkol kay Joseph Smith at sa kanyang pagsasalin ng Aklat ni Mormon sinabi ni Elder Nelson na "hindi magagawa ng sinuman" ang ginawa ng propeta "kung wala ang tulong ng Makapangyarihang Diyos." Binanggit niya na yamang madalas niyang makasama ang mga translator o tagapagsalin sa Simbahan, alam niya na naisasalin ng pinakamahusay na translator ang mga banal na kasulatan sa ibang wika sa bilis na isang pahina sa isang araw at ito ay sa tulong ng makabagong





teknolohiya at iba pang mga kagamitan tulad ng lexicon at ng mga dating naisalin na.

Nang isalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, nakagawa siya ng walo hanggang 10 pahina sa bawat araw. "Kapag nagbabasa kayo ng Aklat ni Mormon, alalahanin na isinalin niya ito nang mas mabilis kaysa sa pagbabasa ninyo nito." Binigyang-diin ni Elder Nelson na kailangang panatilihin ng kabataan ang pananampalataya, at sinasabi sa kanila na sila ay "nasa mabuting panig." Sinabi niya na hindi katulad ng nakaraang mga dispensasyon na humantong lahat sa apostasiya, ang huling dispensasyong ito na ating kinalalagyan ay hindi hahantong sa apostasiya at "magpapatuloy hanggang sa dakilang paghahari ng Panginoon sa milenyo."

Sa pagtawag kay Satanas na "kaaway na di-natitinag at hindi natutulog," sinabi niya na tinutulutan ng Diyos na tuksuhin ang kanyang mga anak dahil "ayaw [ng Diyos] na pilitin ang sinuman na lumapit sa kanya."

Binanggit niya ang panliligaw niya sa kanyang asawa, ang yumaong si Dantzel White Nelson, upang bigyang-diin sa YSA na "ang isa sa mga pinakamahalagang bagay na nais ng Diyos na gawin natin sa buhay ay ang bumuo ng mga pamilya; hindi lamang pangkaraniwang mga pamilya kundi mga walang-hanggang pamilya."

Sa nauna niyang mensahe sa mga full-time missionary mula sa Philippines Manila Mission, sinabi niya sa mga sister na "hanapin ang lalaki na mas minamahal ang Panginoon kaysa sa inyo. Huwag maghangad ng anuman maliban pa rito. Sapagkat kapag mahal ng isang lalaki ang Panginoon, ang kakayahan niyang mahalin kayo ay mag-iibayo; ito ay magiging banal at dalisay."

Itinuro niya sa mga full-time missionary kung paano gawing mas epektibo ang kanilang pagtuturo sa pamamagitan ng pag-aaral pa ng tungkol sa doktrina ng Simbahan at mahusay na pakikipag-usap tulad ng pag-alam ng pagkakatulad nila sa mga taong kanilang tinuturuan.
Si Elder Nelson ay sinamahan nina Elder at Sister Ian S. Ardern, Second Counselor sa Philippines Area Presidency.

**CEBU CITY**
"Ang Templo ay isang malaking pagpapala! Samantalahin ang mga pagpapalang hatid ng banal na lugar na iyan." Ito ang pangunahing mensahe ni Elder Russell M. Nelson, ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa mga miyembro sa debosyonal na pinamunuan niya sa Cebu. Kasama niya roon sina Elder Michael John U. Teh at Sister Grace Teh.

Kaugnay ng mensahe ni Elder Nelson, si President Gerald Mortimer, temple president ng Cebu City Philippines Temple, ay nagbigay rin ng mensahe sa debosyonal kung saan binanggit niya ang dalawang salita na may kaugnayan sa isa't isa: sagrado at sakripisyo. Binanggit niya na "kailangang magsakripisyo para magkaroon tayo ng mga sagradong karanasan sa ating buhay. Kapag gumagawa tayo ng mga sagradong tipan sa loob ng templo, ginagawa nating sagrado ang ating sarili at nalalaman natin sa loob ng templo na tayo ay walang-hanggan."

Habang nagsasalita si Elder Nelson, pinatayo niya ang mga batang Primary at ipinakanta ang unang talata ng "Ako ay



*Binigyang-diin ni Elder Nelson na kailangang panatilihin ng kabataan ang pananampalataya, at sinasabi sa kanila na sila ay "nasa mabuting panig."*





*Habang nagsasalita si Elder Nelson, pinatayo niya ang mga batang Primary at ipinakanta ang unang talata ng "Ako ay Anak ng Diyos." Hiniling din niya sa mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa mga buhay na propeta, ang panunumbalik ng priesthood, na dalhin ang kanilang mga anak sa templo at hikayatin silang makatapos ng pag-aaral.*



*Pinasalamatan siya ni Elder Nelson sa pag-uukol ng panahon na makipagkita sa kanila. Kinilala rin niya ang maraming makabuluhang proyekto na isinasagawa ng pamahalaan sa ilalim ng pangangasiwa ng Bise Presidente.*

Anak ng Diyos." Hiniling din niya sa mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa mga buhay na propeta, ang panunumbalik ng priesthood, na dalhin ang kanilang mga anak sa templo at hikayatin silang makatapos ng pag-aaral. Binigyan din ni Elder Nelson ng basbas ang kongregasyon at hinikayat silang huwag ipagpaliban ang paggawa ng mahahalagang desisyon.

Sa pagtatapos ng debosyonal, nagkaroon ng pagkakataon ang kongregasyon na makamayan si Elder Nelson. Sabik na sabik na naghintay ang mga miyembro sa pagkakataon nilang makamayan ang isa sa mga buhay na apostol ng Panginoon.

Pinamunuan din ni Elder Nelson ang isang missionary zone conference kung saan binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagmamahal sa kanilang mga kompanyon at pagsunod sa mga iniuutos ng kanilang mga lider—ang kanilang mission president at asawa nito. Binigyang-diin din niya ang mensahe ni Elder Teh na "walang imposible sa Panginoon, at na hindi kailanman gagawin ng Diyos para sa atin ang bagay na dapat ay tayo ang gumagawa para sa ating sarili." Bago ang zone conference, ang mga misyonero ng Philippines Cebu Mission ay binigyan ng pagkakataong makamayan ang Apostol.

## PAKIKIPAGKITA SA BISE PRESIDENTE NG PILIPINAS

Si Elder Nelson, kasama si Elder Michael John U. Teh ay nakipagkita kay Jejomar Binay, Bise Presidente ng Republika ng Pilipinas, sa isang espesyal na pulong sa Coconut Palace.

Pagkatapos ipakilala sa isa't isa, ang usapan ay umikot sa iba't ibang paksa mula sa pangalang "mga Mormon" hanggang sa pagtulong ng Simbahan sa mga tao. Nag-ukol ng panahon si Elder Nelson na ipaliwanag sa kanya ang pinagmulan ng palayaw ng Simbahan at ang layunin ng Aklat ni Mormon.

Itinanong din ni Bise Presidente Binay ang kaibhan ng templo at chapel na ipinaliwanag naman ni Elder Teh. Binanggit niya na pamilyar siya sa mga full-time missionary ng Simbahan na naglalakad sa mga lansangan nang dala-dalawa.

Sa pag-uusap tungkol sa pagtulong sa mga taong nangangailangan, naging interesado si Bise Presidente Binay sa pakikipagtulungan natin sa Catholic Relief Services na makapagtayo ng mga murang pabahay para sa mga naging biktima ng bagyo sa Cagayan de Oro City sa isla ng Mindanao. Ipinahayag ni Elder Nelson sa Bise Presidente ang kahandaan ng Simbahan na makipagtulungan sa kanyang tanggapan para sa anumang makabuluhang proyekto na magiging kapaki-pakinabang sa mga tao.

Pinasalamatan siya ni Elder Nelson sa pag-uukol ng panahon na makipagkita sa kanila. Kinilala rin niya ang maraming makabuluhang proyekto na isinasagawa ng pamahalaan sa ilalim ng pangangasiwa ng Bise Presidente.

Ipinaliwanag ni Elder Nelson ang tungkulin



ng Philippines Area Presidency sa pakikipag-ugnayan nito sa Korum ng Labindalawa at ang Simbahan na nasa iba't ibang panig ng mundo.

## ANGELES, PAMPANGA

Ang mga full- time missionary ng Philippines Angeles Mission ay kabilang sa mapapalad na nabisita ni Elder Nelson. Si Elder Nelson ay sinamahan ni Elder Brent H. Nielson, First Counselor sa Philippines Area Presidency, at ng kanyang asawang si Marcia.

Lahat ng misyonero, sa pangunguna ng kanilang mission president na si David C. Martino at kanyang asawa, ay bumati kay Elder Nelson sa pagkanta ng kanilang mission hymn na, "Where the Finest Serve."

Naunang nagsalita si Sister Nielson sa mga misyonero at ipinaabot ang kanyang pagmamahal sa mga misyonero. "Napakalakas ng espirituwalidad sa silid na ito at napakaganda ninyong masdan," sabi niya sa kanila. Pagkatapos ay nagpatotoo siya na pinangangalagaan sila at ang kanilang mga pamilya ng kanilang Ama sa Langit.

Pagkatapos ay natanggap ng mga misyonero ang isang matindi at puno ng pagmamahal na mensahe mula kay Elder Nielson, na nagbahagi sa kanila ng kahalagahan ng paghahayag sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang mga tinuturuan. Ipinaabot niya rin ang kanyang pagmamahal sa kanila. "Kayong lahat ay pinangangalagaan at mahal namin kayong lahat," dagdag pa niya.

Ikinuwento sa kanila ni Elder Nelson ang tungkol sa pagkakataon niyang makabisita sa

China at nakita ang isang kaibigan doon. Ikinuwento niya ang napakagandang pagkakaibigan nila ng lalaki at kung paano naging interesado ang taong iyon sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sinabi niya sa mga misyonero na noong una niyang makita ang kanyang kaibigang Intsik, hindi niya maiwasang isipin na nakasuot ito ng puting damit na pambinyag at ng kasuotan sa templo.

Naging interesado ang kanyang kaibigan sa paraan ng pamumuhay ng mga Banal sa mga Huling Araw. "Ang tanging bagay na tumatak sa aking isipan ay ang pamumuhay ninyong mga miyembro," sabi sa kanya ng kaibigan.

Nalaman ni Elder Nelson na bibisitahin ng kanyang kaibigang Intsik ang anak nito na nasa Toronto. Nalalaman na pagkakataon na ito para lalong mapalapit ang kanyang kaibigan sa katotohanan ng ebanghelyo na inihayag sa dispensasyong ito, mabilis na tinawagan ni Elder Nelson ang mission president na nakatalaga sa bahaging iyon ng Canada at sinabing, "Ipadala mo sa kanya ang



pinakamahuhusay na misyonero." Sa panahong ito, si Elder Nelson ay naglilingkod na sa Korum ng Labindalawang Apostol at nang malaman niyang malapit nang mabinyagan ang kanyang kaibigan, itinanong niya kay Pangulong Howard W. Hunter, na siyang namumuno noon sa korum, kung maaari ba siyang dumalo sa binyag. Pumayag si Pangulong Hunter. Pagkatapos gampanan ang kanyang mga tungkulin bilang apostol, naglakbay siya ng ilang milya at dumating sa tamang oras upang binyagan ang kanyang mahal na kaibigan.

"Nakita na ninyo ang maaaring mangyari sa mga taong tinuturuan ninyo," sabi niya. Si Sister Frejas, isang full-time missionary mula sa Bicol, sa Pilipinas, na nakadestino sa Angeles ay lubhang naantig sa kuwento. "Gustung-gusto ko ang sinabi ni Elder Nelson na hindi lamang ngayon ang dapat na tingnan natin kapag nakikipag-ugnayan tayo sa mga investigator kundi ang maaari nilang kahinatnan. Malaki ang maitutulong ng payo na iyon sa pakikipag-ugnayan sa mga hindi miyembro ng Simbahan," tugon ni Sister Frejas, misyonaryo sa Angeles Mission.

Bago wakasan ang pulong, nag-iwan ng napakagandang basbas si Elder Nelson sa mga misyonero. "Binabasbasan ko kayo na maging mga misyonero sa buong buhay ninyo," dagdag pa niya.

Isang full-time missionary na malapit nang matapos sa kanyang misyon ang naantig sa ibinigay na basbas. Sinabi ni Sister Breckenridge ng Springville, Utah, na may ilang buwan na lamang sa kanyang misyon, na nahikayat siya ng basbas na iyon na maging mabait sa ibang tao. "Gusto kong maging bahagi ng kanilang buhay na walang-hanggan," sabi niya.

Itinuro ni Elder Nelson sa mga misyonero ang tunay na katangian ng kanilang tungkulin, iyon ay ang tulungan ang iba na tumanggap ng buhay na walang hanggan.

**TACLOBAN CITY**

Si Elder Nelson kasama si Elder Benson E. Misalucha, Area Seventy, ang namuno sa Tacloban Philippines Stake Conference na ginanap noong Mayo 26 – 27, 2012.

Sa priesthood session, tinagubilinan ni Elder Nelson ang kalalakihan na tiyakin na bawat tahanan ay may retrato ng templo, mga kopya ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" at "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," at isang set ng mga banal na kasulatan. Pinayuhan niya ang kalalakihan tungkol sa kasamaan ng pornograpiya na tinatawag niyang malaking salot na lumalaganap ngayon sa mga pamilya sa mundo. Sa pagsagot sa tanong tungkol sa pagtatayo ng mga templo, ipinaliwanag niya na mas madaling magtayo ng isang templo kaysa gawing handa ang mga tao para sa templo. Pinayuhan din niya ang isang paalis na misyonero na tiyaking alam niya ang Aklat ni Mormon.

Sa adult session sa Sabado ng kumperensya binigyang-diin ni Elder Nelson ang kahalagahan ng mga ugnayan sa pamilya. Sa pagsasalita tungkol sa pag-aasawa, sinabi niya na ito ay pagsasama ng dalawang taong hindi perpekto, at wala ni isa man sa mag-asawa ang nananalo sa pagtatalo. Bukod pa rito, pinayuhan niya ang mga lalaki na tiyaking sinusorpresa nila ang kanilang asawa sa maliliit na bagay. Pinayuhan niya ang mga mag-asawa na magdasal at magbasa ng mga banal na kasulatan nang magkasama araw-araw. At tungkol sa panalangin, sinabi niya sa mga



*"Gustung-gusto ko ang sinabi ni Elder Nelson na hindi lamang ngayon ang dapat na tingnan natin kapag nakikipag-ugnayan tayo sa mga investigator kundi ang maaari nilang kahinatnan. Malaki ang maitutulong ng payo na iyon sa pakikipag-ugnayan sa mga hindi miyembro ng Simbahan," tugon ni Sister Frejas, misyonaryo sa Angeles Mission.*



*Sa pagsasalita tungkol sa pag-aasawa, sinabi niya na ito ay pagsasama ng dalawang taong hindi perpekto, at wala ni isa man sa mag-asawa ang nananalo sa pagtatalo.*



*"Ito ang pinakamagandang pagtatanghal ng talento na nakita ko," sabi ni Elder Nelson pagkatapos ng mga pagtatanghal.*

**Mga Nag-ambag**
Minnie Advincula
Arvin James Despuig
Sariah Ordinario
Riz Tumulak
Kaye Tyapon-Bay
Pedro B. Tan

**Mga Photographer**
Neil Gonzaga
Alain Tagpuno
Edwin Redrino
Adam Teh
Noel Maglaque



*Elder Benson E. Misalucha of the Quorum of the Seventy, and Elder Russell M. Nelson of the Quorum of the Twelve Apostles with Tacloban Stake Presidency*

ama na pasalamatan ang Ama sa Langit sa partikular na mga ginagawa ng kanilang asawa para sa kanila sa buong maghapon.

Mahigit 1,500 miyembro ang dumalo sa sesyon sa araw ng Linggo. Nagpokus si Elder Nelson sa mga responsibilidad ng mga magulang sa kanilang maliliit na anak. Sa pagkakaroon niya mismo ng 57 apo at 60 apo-sa-tuhod, tinagubilinan niya ang mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang ibig sabihin ng maging anak ng Diyos, ang kahalagahan ng pakikibahagi sa sakramento, ang mga pagpapalang dumarating sa pagbabayad ng ikapu, panalangin at pag-aral ng banal na kasulatan. Tinagubilinan niya ang mga magulang na hayaang matandaan ng mga musmos nilang anak ang kanilang tinig na nagbabasa ng mga banal sa kasulatan sa kanila. Hiniling din niya sa mga magulang na tulutan ang kanilang mga anak na pag-aralan ang ibang wika gaya ng Ingles, Chinese o Espanyol, at ang lahat ng maaari nilang pag-aralan. Mahinahon niyang sinabihan ang mga magulang na hindi kailangang mamalo sa pagpapalaki ng mga anak.

## NAGTANGHAL ANG MGA KABATAANG PILIPINO PARA KAY ELDER NELSON

Sa paggunita sa Jubilee Cultural Celebration na ginanap noong Abril 30, 2011, ang mga kabataan mula sa iba't ibang stake sa Metro Manila ay nagtanghal ng ilang sayaw sa special cultural celebration para kay Elder Nelson. Kasama nila ang mga miyembro ng Philippine Area Presidency, na sina Elder Michael John U. Teh, Brent H. Nielson at Ian S. Ardern at kani-kanilang asawa.

Mga sayaw mula sa Luzon, Visayas at Mindanao ang itinanghal at dalawang awitin, ang isa ay single adult choir na kumanta ng medley ng mga awiting Pilipino at ang isa pang grupo ng kalalakihan ay kinanta ang Jubilee theme song na, "United."

"Ito ang pinakamagandang pagtatanghal ng talento na nakita ko," sabi ni Elder Nelson pagkatapos ng mga pagtatanghal. Nagpalakpakan ang mga naroroon sa kanyang sinabi. Sinabi rin niya na hindi niya malilimutan kailanman ang kanilang ginawa.

Itinanong ni Elder Nelson kung alam ng kabataan ang kanilang kahihinatnan. Sinabi niya na sila ay magiging mga lider ng Simbahan sa hinaharap.

"Mahal namin kayo, salamat sa inyo at binabasbasan namin kayo," pagtatapos ni Elder Nelson. ■



